



Translated: January 2026

Syphilis

- Ang Syphilis ay isang STI na maaaring lumala kung hindi magagamot.
- Maraming tao ang may banayad o walang sintomas na tumatagal lamang ng ilang araw.
- Ang Syphilis ay maaaring gamutin gamit ang mga antibiotic.

Ang Syphilis ay isang malubhang sexually transmissible infection (STI) na maaaring makaapekto sa iyong utak at iba pang mga organ ng katawan. Ito ay sanhi ng bakteryang *Treponema pallidum*.

Madaling gamutin ang Syphilis kung masuri nang maaga.

Ang Syphilis ay maaaring maging malubha at mapanganib sa pagbubuntis. Kung ang isang buntis ay may syphilis, maaari itong maipasa sa kanyang sanggol at mailagay sa panganib ang buhay nito. Magbasa pa tungkol sa [syphilis habang nagbubuntis](#).

Paano ka makakakuha ng syphilis

Ang Syphilis ay naipapasa sa iba habang nakikipagtalik.

Ito ay kumakalat dahil sa hindi paggamit ng proteksyon sa vaginal, anal at oral sex.

Maaari rin itong kumalat dahil sa malapit o balat-sa-balat na kontak sa isang taong may impeksyon.

Ang isang may impeksyong ina ay maaari ring makapasa ng syphilis sa kanyang sanggol sa pamamagitan ng inunan habang nagbubuntis ito ay tinatawag na congenital syphilis. Magbasa pa tungkol sa [syphilis habang nagbubuntis](#).

Ano ang mga palatandaan at sintomas?

Ang mga unang palatandaan ng syphilis ay hindi nagtatagal, kaya maaari mo itong makuha at maipasa nang hindi mo nalalaman.

Sugat o ulser (chancre)

Ang ilang mga tao ay nagkakaroon ng ulser o sugat sa paligid ng ari o bibig, 3 hanggang 12 linggo pagkatapos ng impeksyon.

Ang sugat:

- ay karaniwang walang nadaramang sakit (kaya maaaring hindi mo ito mapansin).
- kadalasan ay hindi dumudugo
- madalas na parang matigas na butones sa balat

Kung hindi magagamot, ang sugat ay gagaling at mawawala pagkalipas ng ilang linggo – ngunit may impeksyon ka pa rin, at ang bakteryang ay nasa daluyan ng dugo at kumakalat sa buong katawan. Ito ang tinatawag na pangunahing yugto ng sakit.

Iba pang mga sintomas

Kung ang syphilis ay hindi magagamot, mas maraming sintomas ang maaaring lumitaw 2 hanggang 6 na buwan pagkatapos maimpeksyon. Ito ang pangalawang yugto, na maaaring tumagal nang 6 na buwan o higit pa.

Ang mga sintomas ay maaaring kabilang ang:

- pantal sa balat (sa mukha, katawan, braso, binti, palad, at talampakan ng paa)
- pagkalagas ng buhok
- namamagang mga glandula
- lagnat
- sakit ng ulo
- pananakit sa mga buto, kasukasuan at kalamnan
- bukol sa iyong singit at sa paligid ng iyong puwit (butas sa puwitan) o vulva.

Kung walang paggamot, mayroong isang nakatagong yugto kung saan walang nakikitang mga palatandaan ngunit ikaw ay nakakahawa pa rin.

Ang mga sintomas ay mawawala ngunit kung ang syphilis ay hindi magagamot, mananatili ito sa iyong katawan at maaari mo itong maipasa sa ibang tao sa pamamagitan ng pakikipagtalik nang hanggang 2 taon. Maaari ka rin nitong magkasakit nang malubha.

Kung ikaw ay may syphilis na hindi nagagamot nang higit sa 2 taon (tinatawag na ikatlong yugto), ang sakit ay maaaring makaapekto sa utak, puso, malalaking daluyan ng dugo, spinal cord, balat at mga buto. Maaari itong humantong sa kapansanan at kamatayan.

Syphilis sa pagbubuntis

Kung ang isang buntis ay may syphilis, maaari itong maipasa sa sanggol at mailagay sa panganib ang buhay nito. Ito ay tinatawag na congenital syphilis.

Kung ang syphilis ay matagpuan nang maaga sa pagbubuntis, maaari itong gamutin, na binabawasan ang pinsala sa sanggol.

Ang mga buntis ay dapat magpasuri para sa syphilis nang maaga at madalas sa buong panahon ng kanilang pagbubuntis.

Magbasa pa tungkol sa [syphilis habang nagbubuntis](#).

Paano ko malalaman kung mayroon akong syphilis

Humiling ng pagsusuri sa dugo para sa syphilis

Magsasagawa ang iyong doktor ng pagsusuri ng dugo para sa syphilis. Gayunpaman, sa loob ng maikling panahon pagkatapos makapasok ang syphilis sa katawan, hindi pa ito maaaring matukoy gamit ang pagsusuri. Kaya kung negatibo ang iyong resulta, kakailanganin mong magpasuri muli pagkatapos ng 3 buwan.

Magandang ideya na magpasuri para sa iba pang mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik (STI) tulad ng [chlamydia](#), [gonorrhea](#) at [HIV](#) nang sabay.

Maghanap ng serbisyo kung saan maaari kang makakuha ng pagsusuri ng dugo para sa syphilis sa [Get the Facts \(external site\)](#). Maghanap ng lokasyon at piliin ang opsyong 'Sexual Health / Pregnancy / Sexuality'.

Paano ginagamot ang syphilis?

Paggamot para sa syphilis

Ang syphilis ay ginagamot gamit ang penicillin o iba pang antibiotic. Kailangan mong kunin ang buong kurso at dumalo sa lahat ng iyong appointment.

Pagkatapos ng paggamot, kakailanganin mo ng pagsusuri ng dugo upang matiyak na magaling ka na.

Kung hindi magagamot

Kung mayroon kang syphilis nang higit sa 2 taon at hindi nagagamot, maaari itong makaapekto sa:

- utak
- puso
- malalaking daluyan ng dugo
- spinal cord
- balat
- mga buto.

Maaari itong humantong sa kapansanan at kamatayan.

Habang mayroon kang impeksyon

Kapag nakumpirma na ang diagnosis, huwag makipagtalik sa ari, anal o oral, kahit na may condom, hanggang sa matapos mo ang buong kurso ng paggamot. Ang syphilis ay lubhang nakakahawa, lalo na sa mga una at pangalawang yugto.

Contact tracing

Dapat ka ding kausapin ng iyong doktor tungkol sa contact tracing.

Kung positibo ka sa syphilis, mahalagang ipaalam ito sa iyong mga sekswal na kapareha. Ito ay upang matiyak na ang syphilis ay hindi makakaapekto sa kanilang kalusugan at patuloy na kumalat. Kung ang iyong mga regular na sekswal na karelasyon ay hindi magagamot, maaari kang magkaroon muli ng syphilis.

Ang contact tracing ay kinabibilangan ng paghahanap at pagpapaalam sa mga nakasalamuha ng isang taong may impeksyon upang makakuha sila ng pagpapayo, pagsusuri, at paggamot kung kinakailangan. Maaari mong gawin ang contact tracing nang mag-isa at/o sa tulong ng isang propesyonal sa kalusugan. Talakayin ito sa iyong doktor. Maaari mo ring gamitin ang website na Better To Know (external site) upang ipaalam ito sa iyong mga sekswal na karelasyon nang hindi ginagamit ang iyong pangalan.

Paano maiiwasan ang syphilis?

- Magkaroon ng regular na mga pagsusuri sa STI.
- Palaging gumamit ng condom at/o dam at water-based lube kapag nakikipagtalik.
- Kausapin ang iyong mga sekswal na karelasyon tungkol sa kalusugang sekswal.

Saan makakahingi ng tulong

- Kumonsulta sa iyong doktor (GP)
- Tawagan ang *healthdirect* sa 1800 022 222
- Tawagan ang Sexual Health Helpline
 - mga tumatawag sa metropolitan: (08) 9227 6178
 - mga tumatawag mula sa kanayunan: 1800 198 205
- Bisitahin ang [Healthysexual \(external site\)](#) para sa impormasyon at libreng online na pagsusuri para sa chlamydia at gonorrhea
- Kontakin ang iyong lokal na [klinika para sa kalusugang sekswal \(external site\)](#).

This document can be made available in alternative formats on request for a person with disability.

© Department of Health 2025

Copyright to this material is vested in the State of Western Australia unless otherwise indicated. Apart from any fair dealing for the purposes of private study, research, criticism or review, as permitted under the provisions of the Copyright Act 1968, no part may be reproduced or re-used for any purposes whatsoever without written permission of the State of Western Australia.